

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Nahirang ang Rehiyonal na Konsehal ng Brampton na si Rowena Santos bilang FCM's Vice-Chair ng Standing Committee sa Anti-Racism at Equity para sa 2021-2022

BRAMPTON, ON (Agosto 5, 2021) – Sa araw na ito, inanunsyo ng Federation of Canadian Municipalities (FCM) na ang Rehiyonal na Konsehal ng Brampton na si Rowena Santos ay pinili ni FCM President Joanne Vanderheyden bilang Vice-Chair ng Standing Committee sa Anti-Racism at Equity 2021-2022.

Pinapadali ng Standing Committees ng FCM ang detalyadong debate at nagbibigay sa FCM Board ng mga rekomendasyon sa patakaran sa prayoridad at mga isyu sa programa. Ang mga Standing Committee ay nangangailangan ng malakas na liderato sa kanilang Chairs at Vice-Chairs na gagabay sa mga delibrasyon ng komite sa mga isyu at estratehiya kaugnay ng kanilang mandato, na nagtitiyak na lahat ng mga kasaping committee ay magkakaroon ng pagkakataon na sumali sa nakatuon at produktibong mga talakayan. Nagtatagpo ang bawat committee nang tatlong beses kada taon, kaugnay ng mga pagpupulong ng Board of Directors.

Nakatuon ang Lungsod ng Brampton sa pagpapalakas sa mga partnership kasama ang mga munisipalidad ng Canada at ating mga partner sa pederal, at magpapatuloy na itaguyod ang mahalagang mga prayoridad para sa mga residente ng Brampton, kabilang ang imprastruktura, pagbabago ng klima at pagpapababa sa pagbaha, pagpapalawak ng transit, ang Hurontario-Main St. LRT, at tulong sa COVID-19.

Noong Hunyo, muling napili si Konsehal Santos sa Federation of Canadian Municipalities Board of Directors para sa isang taon na termino. Siya ay miyembro ng FCM Standing Committee sa Pagdagdag sa Pagsali ng mga Babae sa Munisipal na Pamahalaan, Standing Committee on Municipal Finance and Intergovernmental Arrangements, at Standing Committee on Municipal Infrastructure at Transportation Policy.

Ang FCM ay pambansang boses ng municipal na pamahalaan ng Canada mula 1901. Kabilang sa mga kasapi ang higit sa 2,000 munisipyo sa lahat ng sukat, mula sa mga lungsod ng Canada at rural na mga komunidad hanggang sa mga komunidad sa hilaga at 20 Canadians mula sa isang baybayin paunta sa iba.

Ang mga aksyon ng Konseho ng Lungsod ng Brampton at Mga Prayoridad sa Termino n Konseho ay naglalarawan sa maraming mga munisipalidad sa Canada mula sa isang baybayin papunta sa iba, kabilang ang pagdiriwang sa pagkakaiba-iba at pagpapatupad sa patakaran kontra rasismo, abot-kayang pabahay, transportasyon, aksyon sa klima at suporta sa COVID-19 para ang mga negosyo at komunidad ay muling makapagsisimula sa ekonomiya nang ligtas.

Mga Quote

“Sa Lungsod ng Brampton, ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Dedicated tayo sa pag-embed sa diversity, equity at pagsasali sa lahat ng programa at mga serbisyo natin, at pagtanggap sa mga balakid para ang lahat ng residente natin ay matrato nang patas at pantay anuman ang lahi at kasarian. Ikinararantal kong mahirang na Vice-Chair ng Standing Committee hinggil sa Kontra sa Rasismo at Pagkakapantay, at nananabik ako na makipagtulungan sa kapwa mga munisipalidad para ipagdiwang ang diversity ng ating bansa, itaguyod ang pagsasali sa lahat, at palakasin ang matibay na relasyon sa pagitan ng mga munisipyo ng Canada at ng pamahalaang pederal. Sa pamamagitan ng patuloy na partnership at kolaborasyon, malalabanan natin ang rasismo, matanggal ang mga balakid at makalikha ng mas pantay na bansa para sa lahat, at mapahusay ang transportasyon at imprastruktura sa buong Canada.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Lungsod ng Brampton; Miyembro, FCM Board of Directors*

“Ang pagtutulungan sa pagitan ng lahat ng antas ng pamahalaan ay mahalaga sa pagkuha ng mga resulta para sa mga Bramptonian at sa lahat sa bansa natin. Sa ngalan ng Konseho, ikinagagalak ko na si Konsehal Santos – isang passionate na advocate ng kontra rasismo at pagkakapantay-pantay na committed sa pagtanggap ng mga resulta para sa ating mga residente – ay napili bilang Vice Chair ng Standing Committee hinggil sa Kontra Rasismo at Pagkakapantay-pantay. Alam ko na itutuloy niya ang trabahong nagawa ng ating Lungsod para matukoy at matanggal ang mga balakid– tulad ng paglatag ng mga pundasyon ng isang Equity Office para mapaglingkuran ang ating mga empleyado at mga mamamayan at ilunsad ang pinaka-unang Unit Kontra Rasismo sa Black ng Lungsod – at makipagtulungan sa ating mga partner sa pederal para makakuha ng mga resulta sa transportasyon, suporta sa pagbangon sa COVID-19 at iba pang mga isyu na mahalaga sa mga residente ng Brampton.

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca

